

# Protektahan ang Iyong Ngiti gamit ang Fluoride Varnish

## Para sa edad 1-20./ Ligtas. / Mabilis / Epektibo.

### Ano ang Fluoride Varnish?

**Ito ay mabilis at walang sakit** na paraan upang matulungan ang iyong mga ngipin. Ipinapahid ito sa mga ngipin.

### Bakit ito mahalaga?

- **Nagbibigay ng hanggang 33% higit na proteksiyon laban sa mga cavity.**
- Puwede itong gamitin sa sanggol kapag tumutubo na ang unang ngipin nila.
- Ligtas para sa mga bata, tin-edyer, at kabataang nasa hustong gulang

### Sino ang dapat kumuha nito?

Para sa mga bata at kabataang nasa hustong gulang na edad 1-20 - mainam para sa mga lumalaki pa o nakasuot ng mga brace.

- Kahit ang mga ngipin ng sanggol ay kailangan ng tulong para manatiling matibay at malusog
- Ang mga tin-edyer na may mga brace ay nasa **mas mataas na panganib** ng mga cavity
- Kailangan din ng mga kabataang nasa hustong gulang ng dagdag na tulong para mapanatiling matibay ang kanilang mga ngipin at makabuo ng mabuting paggawi.

### Gaano kadalas?

Dalawang beses sa isang taon

### Paano ko makukuha ito?

Maaari kang makakuha ng fluoride varnish sa:

- Pagbisita sa doktor ng bata o doktor ng pamilya
- Pagbisita sa dentista

Tanungin ang iyong doktor tungkol sa pagkuha ng fluoride varnish sa susunod na pagbisita ng iyong anak!

### Mabilis at Madali lang ito!

Isang maliit na brush ang ginagamit upang ilagay ang varnish sa mga ngipin

- Natutuyo ito sa ilang segundo
- Walang sakit, walang pagbubutas, walang iniksiyon.
- Maaaring magmukhang dilaw ito sa ngipin sa simula, pero kapag nagsipilyo ka na kinabukasan, babalik din sa normal na kulay ang mga ngipin!

### Kausapin na ngayon ang iyong doktor o mga kawani ng dentista tungkol sa fluoride varnish!

Tumawag sa Molina Healthcare sa **888-665-4621** kung kailangan mo ng doktor o dentista.

Kung may mga tanong o alalahanin ka tungkol sa kalusugan pagkatapos magsara ang klinika, tumawag sa 24-oras na Linya ng Payo ng Nars.

- Linya para sa Ingles: **888- 275-8750**